OFFICE OF THE MAYOR
Bustos, Bulacan
RECEIVED
by: ___
Date: 2/4/25 Time: 10:50

# KAPASIYAHAN BLG. 2025-12

**"NAGPAPATIBAY SA APPROPRIATION RESOLUTION NO. 03, S-2024 NG SANGGUNIANG KABATAAN NG MALAMIG, BUSTOS, BULACAN NA NAUUKOL SA KARAGDAGANG LAANG GUGULIN (SUPPLEMENTAL BUDGET NO. 1) PARA SA TAONG 2024 NA NAGKAKAHALAGA NG DALAWANG DAAN LIMAMPU'T TATLONG LIBO, PITONG DAAN LIMAMPU'T DALAWANG PISO AT SIYAM NA SENTIMO (₱253,752.09)."**

---

*Pinagtibay sa pagtataguyod ni:*

**Igg. Aljhaneal E. Quiñones**

*Tagapangulo*
**Lupon sa Pananalapi, Paglalaan, Pagbubuwis at Pamamaraan**

---

**SAPAGKA'T,** naghain ng kahilingan ang Sangguniang Kabataan ng Malamig, Bustos, Bulacan para sa kanilang karagdagang laang gugulin para sa taong 2024 na nagkakahalaga ng ₱253,752.09;

**SAPAGKA'T**, ang pondong gugugulin ay para sa kapakinabangan ng Sangguniang Kabataan ng Malamig at sa pagpapatuloy ng mga serbisyo para sa pagpapanatili ng kaayusan ng kanilang nasasakupan;

**SAPAGKA'T**, ang nasabing kautusan ng Sangguniang Kabataan ng Malamig, Bustos, Bulacan, alang nilalabag na batas o Kautusang Pambayan.

**KUNG KAYA'T,** sa mungkahi ni **IGG. ALJHANEAL E. QUIÑONES** na buong pagkakaisang sinang-ayunan ng lahat ng kasangguning dumalo sa pulong na ito.

**IPINASIYA, gaya ng dito ay IPINASISIYA**, na pagtibayin ang Appropriation Resolution No. 03, S-2024 ng Sangguniang Kabataan ng Malamig, Bustos, Bulacan na nauukol sa karagdagang laang gugulin (Supplemental Budget No. 1) para sa taong 2024 na nagkakahalaga ng Dalawang Daan Limampu't Tatlong Libo, Pitong Daan Limampu't Dalawang Piso at Siyam na Sentimo (₱253,752.09).

**PINAGTIBAY,** ngayong ika-20 ng Enero taong Dalawang Libo at Dalawampu't Lima sa Bulwagang Amado S. Raymundo, Poblacion, Bustos, Bulacan.

| | |
|---|---|
| **Marie Nina Nikkie Perez, MA**<br>Kasangguni | **Leo T. Santos**<br>Kasangguni |
| **Phillip Wryner B. Santos**<br>Kasangguni | **Juliet DJ. Dela Cruz**<br>Kasangguni |
| **Aljhaneal E. Quiñones**<br>Kasangguni | **Soliman C. Santos**<br>Kasangguni |
| **Wilfredo G. Canoza**<br>Kasangguni | **John Erick L. Perez**<br>Kasangguni |
| **Raymond R. Perez**<br>ABC Vice President | **Mel Ryan P. Juan**<br>SK President |

**PINAGTITIBAY:**

**Martin SJ. Angeles, MMPA**
Pangalawang Punong Bayan at
Tagapangulo ng Sangguniang Bayan

**SERTIPIKASYON:**

Pinatutunayan ko na ang Kapasiyahang ito ay pinagtibay ng Sangguniang Bayan ngayong ika-20 ng Enero taong Dalawang Libo at Dalawampu't Lima.

**ATTY. GERARDO S. BRIASA**
Kalihim